

KNOW YOUR RIGHTS

NOTE: Ang dokumentong ito ay nagsasaad ng mga ilang ngunit hindi lahat ng karapatan ng manggagawa ayon sa nilalaman ng batas ng Labour and Immigration; mayroon pang mga karagdagang karapatan. Ang manggagawa ay maaaring sumangguni sa Labour Department (dala ang mga employment documents) para sa mga katanungan patungkol sa mga legal na karapatan.

ISS MGA ISYU UE

IYONG KARAPATAN



MGA IPINANGAKONG SUWELDO (KASAMA ANG MGA DETALYE SA MGA IBABAWAS SA SAHOD AT OVERTIME)

Karapatan mo na makita ang sahod mo sa kontrata. (Ang kontrata ay madalas na tinatawag na Ministry of Labour contract o may dalawang lingwaheng kontrata (English at Arabic).

Karapatan mo na matanggap and iyong sahod at mabayaran na hindi kukulangin sa isang beses sa isang buwan.

Karapatan mo na mabayaran ng kahit na anong dagdag na oras sa trabaho sa nakasaad na regular na oras sa trabaho mo. (halimbawa, overtime)

Karapatan mo na makatanggap ng sahod sa iyong bank account ayon sa Wage Protection System.

May karapatan ka sa mga sahod or ano mang takdang bayarin saiyo ng iyong employer bago ka umuwi kung ikaw ay nagbitiw na sa trabaho at uuwi na ng Pilipinas o uuwi para sa taunang bakasyon.



ORAS NG TRABAHO

Ang iyong serbisyo o trabaho ay di lalampas sa walong oras sa isang araw, maliban sa panahon ng Ramadan. Sa panahon ng Ramadan, ikaw ay kinakailangan lamang mag trabaho ng anim na oras sa isang araw.

May karapatan ka na magpahinga (para magdasal at kumain) sa loob ng araw ng panunungkulan)



PASAPORTE AT PAGKAKAKILANLAN

May karapatan ka sa pangangalaga ng iyong pasaporte at iba pang dokumentong pang biyahe, maliban kung ang iyong employer ay mangailangan nito sa layuning pag apply ng residence permit at pag renew ng pasaporte.



KONTRATA

May karapatan ka na magkaroon ng kopya ng kontratang pang empleyo na may lagda mo at ang iyong employer.

Ang kontratang pang empleyo ay dapat naglalaman ng mga sumusunod:

- Pangalan ng employer at lugar na pagtatrabahuan
- Iyong pangalan, kuwalipikasyon, nasyonalidad, okupasyon, tirahan at pagkakakilanlan.

ISS MGA ISYU UE

IYONG KARAPATAN



KONTRATA

- Petsa kung kailan linagdaan ang kontrata,
- Uri ng trabaho at lugar kung saan nilagdaan ang kontrata
- Petsa ng unang araw sa trabaho.
- Tagal or bisa ng kontrata
- Sahod, at petsa at paraan ng pagbayad
- Panahon ng probasyon ay anim na buwan o bago mag anim na buwan. Ang probasyon na lampas sa anim na buwan ay ilegal.



LINGGUHANG PAHINGA AT PAMPUBLIKONG HOLIDAY

May karapatan ka ng lingguhang na pahinga ng diretsong dalawampu't apat na oras (ito ay bayad at hindi maaaring ikaltas saiyong suweldo).

Kung sakaling ikaw ay magtrabaho sa araw ng pahinga mo, ikaw ay may karapatan na tumanggap ng bayad bilang overtime or pahinga sa ibang araw bilang kapalit.

Ikaw ay may karapatan ng hanggang sampung araw na bayad na bakasyon: tatlong araw sa Eid Holidays, isang araw sa Qatar National Day, at tatlong araw na itatakda ng iyong employer. [Bilang karagdagan, kung ang iyong employer ay bumuo ng aktibidades na pang sport, ikaw ay may karapatan sa isang araw na trabaho para sa National Sports Day.]



TIRAHAN

Ikaw ay may karapatan sa tirahan na ipagkakaloob ng iyong employer or housing allowance na nakasaad sa iyong kontrata.

Ikaw ay kinakailangan na mag trabaho sa lugar o address na nakasaad sa kontrata. Ang pag trabaho sa ibang lugar/kumpanya ay ilegal. Ikaw ay hindi maaaring tanggalin sa trabaho habang ikaw ay nasa leave period.

Ikaw ay may karapatan na hindi tapusin ang kontrata kung ikaw ay sinasaktan pisikal ng iyong employer o kung halimbawa ang kondisyon sa trabaho ay lihis sa kontrata.

Kapag natapos ang iyong kontrata, karapatan mo na mabigyan ng service certificate at pagbalik ng mga dokumento na iyong isinumite saiyong employer.

Kung ikaw ay nag trabaho ng mahigit isang taon sa kumpanya, may karapatan ka sa end of service gratuity.

Kapag natapos mo ang iyong kontrata, may karapatan kang makatanggap ng ticket fare galing sa iyong employer.

May karapatan ka sa ligtas at malinis na lugar ng pagta trabahuan kasama ang maayos na bentilasyon, malinis na inuming tubig at angkop na ilaw.